Valid 2017-2018



EAST-WEST SEED

# PAGPUPUNLA

## Teknikal na gabay



## Lagayan ng punla o lalong





**Leaf pots o punlaan na gawa sa nirolyong dahon ng saging o mangga**





**Seed trays o plastic bags**

# Lupang punlaan para sa seed trays o leaf pot



Salain muna ang lupa






Matapos mahalo, basain ng kaunting tubig



Suriin ang lupa sa pamamagitan ng pagpiga. Dapat tama lamang ang pagkabasa.

**Pag-iisterilisa**



- Haluin nang tuluy-tuloy sa loob ng sampung minuto
- Huwag hayaang matuyo
- Nababawasan ng mainit na singaw ang mga organismong nagdadala ng sakit
- Iwasan ang pagpapainit ng tuyong lupa upang hindi magkaroon ng kemikal na pagbabago

0


**Pagbibilad sa araw**



Ilagay ang lupang punlaan sa bag at ibilad sa araw na hindi bababa sa apat na oras

# Pagpupunla at pag-aalaga ng mga punla

**Punuin ng lupang punlaan ang seed trays o leaf pots at ipunla ang buto**




**Lalim ng pagpunla = sukat ng 2 buto**






**Magpunla ng isang buto sa bawat butas ng seedling tray**

Pwede nang iderekta kung ang gamit ay magandang uri ng buto.
**Huwag ibabad.** Makakatulong ang pre-germination kapag malamig ang panahon.






**Takpan ang trays ng maayos na net (kulambo) para maiwasan ang mga pesteng insekto at sakit**






**10 litro ng tubig + 10-15 gramo ng calcium nitrate; diligan ang punla 10 araw pagkatubo, kung kinakailangan.**

**Mag-spray ng tubig sa dahon matapos diligan ng pataba upang maiwasan ang pagkasunog.**

# Pagpapatibay at Paglilipat-tanim



**Patibayin sa loob ng 2-3 araw bago ilipat-tanim. Konting tubig at mahabang pagpapaaraw.**



**Mas madali ang pagdadala ng punla sa taniman.**



**Sa araw ng paglilipat-tanim, diligan ng konting tubig ang punla. Gawin ito sa umaga para hindi basa at madikit kapag maglilipat-tanim sa hapon.**



**Iwasan itanim nang sobrang lalim o sobrang babaw. Diligan agad pagkatapos mailipat ang punla.**



**Matibay at malusog ang punla kung maganda ang ugat.**

## Mga benepisyo ng mahusay na pagpupunla

- Mataas na kalidad, pantay na tubo at laki ng mga punla na nakakatulong sa mabilis na paglago pagkalipat-tanim
- Madaling alagaan
- Maiiwasan ang mga sakit na nagmumula sa lupa
- Matapos ang paglilipat-tanim, hugasan mabuti ang tray bago muling gamitin.
- Ang paggamit ng maayos na bahay punlaan ay nakakatulong na maiwasan ang: pagkabilad sa araw, pagkasira dulot ng malakas na ulan, insekto, pagkalat ng virus at iba pang sakit.

***http://www.eastwestseed-kt.com/***

*This technical guide is part of a series produced by EWSF.*

*@2017 Copyright of East-West Seed Foundation. All Rights Reserved*

*Agrochemical recommendations have been developed in cooperation with Wageningen University & Research*

WAGENINGEN UNIVERSITY & RESEARCH